ANG AKTIBISTA
Internal na pahayagan ng KABATAANG MAKABAYAN Agosto 2002

**MULING INILALABAS NG PROBISYUNAL NA KALIHIMAN NG KABATAANG MAKABAYAN *ANG AKTIBISTA,* INTERNAL NA PAHAYAGAN NG KABATAANG MAKABAYAN. SA ISYUNG ITO NG *ANG AKTIBISTA,* MULI NATING INILALABAS ANG MENSAHE NI KASAMANG JOSE MA. SISON, PANGULONG TAGAPAGTATAG NG KM, SA IKA-30 TAONG ANIBERSARYO NG KM, ANG MENSAHE NG PAMBANSANG PAMUNUAN NG KM SA IKA-35 TAONG ANIBERSARYO NITO, MENSAHE NI KASAMANG JOSE MA. SISON SA ANAKBAYAN SA GINAWANG SELEBRASYON NITO SA IKA-35 TAONG ANIBERSARYO NG KM AT MGA TALA HALAW SA PAGLALAGOM NG KARANASAN NG KILUSANG KABATAANG ESTUDYANTE SA DEKADANG 80.**

Sa naging ikot at liko ng mga pangyayari sa RKKE ay may katagalan ring hindi nailabas ang mga batayang dokumento ng KM. May ilang pagtatangka na muling ilabas ang nirebisang Programa at Konstitusyon subalit ang mga nasabing balak ay inabutan ng mas malalaking pag-aayos sa organisasyon. Ilang pambansang opisyal ng KM ay naitalaga na sa ibang rebolusyonaryong gawain sa kanayunan at sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa.

Kaya bilang panimulang pagsisikap na mabigyan ng panimulang pag-aaral ang lahat ng bagong kasapi ay inilalabas *Ang Aktibista*. Layunin ng paglalabas ng mga nasabing artikulo na magsilbing mga panimulang dokumento upang pag-aralan ng mga bagong rekut sa KM. Sa mga artikulong ito, binabaybay nito ang kasaysayan at mga naging kalakasan at kahinaan ng organisasyon ng KM.

Tinalakay sa mensahe ni Kasamang Jose Ma Sison ang mga mahahalagang yugto sa naging takbo ng buhay ng KM at ang naging pag-unlad nito tungo sa isang Liga ng mga Komunistang Kabataan. Tinalakay din ang tungkulin ng KM na mahigpit na katuwang ng Partido sa gawaing masa sa kabataang Pilipino at ang Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang pang-ideolohiyang gabay ng KM. Sa mensahe ring ito inilinaw ni Kasamang Jose Ma Sison ang papel ng KM bilang katuwang at reserbang pwersa ng abanteng destakamento ng uring manggagawa.

Sa mensahe naman ng pamunuan ng KM binaybay nito ang masaklaw na naging takbo ng kasaysayan ng KM at ang Sigwa ng Unang Kwarto. Dito inilinaw na ang Sigwa ng Unang Kwarto ay bunga ng matagal na pagpupundar sa wastong linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon at hindi bunga ng mga putsista at gasgasang mga pakikibaka na gusto ipamarali ng mga kontra-rebolusyonaryong taksil.

Gayundin, inililinaw na ang KM bagamat nasa unahan ng mga dambulang mga pakikibaka noong FQS ay malinaw na nagtataguyod ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at ang FQS ay dambuhalang mga mobilisasyon ng mga kabataang estudyante, kabataang magsasaka, kabataang manggagawa at iba pa. Naging matagumpay ang mga pakikibakang masa at mga protesta sa mga unang tatlong buwan ng 1970 hanggang bago ipataw ang batas militar sapagkat ang mga pakikibakang ito ng KM ay mahigpit na nakakawing sa mga pakikibaka ng masang anakpawis at kumukuha ng inspirasyon sa mga taktikal na opensiba ng bagong tatag ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa mga hinalaw na tala mula sa Paglalagom ng karanasan ng Rebolusyunaryong Kilusang Kabataang Estudyante, tinatalakay dito ang mga naging kahinaan, paglihis at disoryentasyon ng RKKE. Nilalaman din nito ang ubod ng oryentasyon at mga tungkulin ng RKKE.

Iminumungkahi sa lahat ng namumunong komite ng KM at sa lahat ng kasapi na pag-aralan ang mga nasabing dokumento upang magsilbing panimulang oryentasyon at higit pang pagpapalalim sa mga naging usapin sa oryentasyon ng RKKE at KM. Ang mga dokumentong naririto ay inianak ng tunggalian ng dalawang linya at pangingibabaw ng wastong linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Nasa dokumentong ito ang pinaka-ubod ng oryentasyon at tungkulin ng KM at RKKE.

Kaalinsabay ay dapat ring isabay sa pag-aaral ang paglalagom ng rebolusyonaryong karanasan ng rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante. Subalit hindi rekisito ang panimulang pag-aaral na ito sa mga pag-aaral sa MKLRP, Eskum at ARAK.

# KABATAANG MAKABAYAN FOUNDING SPEECH


**(SPEECH DELIVERED BEFORE THE FOUNDING CONGRESS OF KABATAANG MAKABAYAN AT THE YMCA YOUTH FORUM HALL ON NOVEMBER 30, 1964)**

*"Itinuturo ng katwiran ang tayo'y umasa sa ating sarili at huwag antayin sa iba ang ating kabuhayan. Itinuturo ng katwiran ang tayo'y maglakas na maihapag ang naghaharing kasamaan sa ating bayan.*

*Panahon na ngayon,  dapat nating ipakilala na tayo'y may sariling pagdaramdam, may puri, may hiya at pagdadamayan. Ngayon ay panahong dapat simulan ang pagsisiwalat ng mga mahal at dakilang aral na magwawasak sa masinsing tabing na bumubulag sa ating kaisipan; panahon na ngayong dapat makilala ng mga Pilipino ang pinagbuhatan ng kanilang mga kahirapan.*

*Kaya, mga kababayan, ating idilat ang bulag na kaisipan at kusang igugol sa kagalingan ang ating lakas sa tunay at lubos na pag-asa na magtagumpay sa nilalayong kaginhawahan ng bayang tinubuan."*

—- Andres Bonifacio




NO MORE PROPITIOUS day than this can be chosen to found Kabataang Makabayan. Today is the 101st birth anniversary of Andres Bonifacio, a great hero from the proletariat, who in the vigor of his youth led the secret society of Katipunan and mobilized the patriotic forces that generated the Philippine revolution of 1896 - the revolution which smashed Spanish colonialism throughout the archipelago.

Andres Bonifacio was the disciplined revolutionary activist who sought and found in revolution the only process that could give full expression to the national and social aspirations of our people which had so long been suppressed by a foreign power prettified by the soft and evasive terms of liberal reformers.

Andres Bonifacio was the uncompromising leader who was not only inspired by the cogitations and formulations of the Propaganda Movement but was also ready to act in concert with his people in armed struggle against tyranny the moment peaceful and legal struggle reached the white wall of futility.

Thus, Andres Bonifacio today stands as a model of revolutionary militance among the Filipino youth and among the advocates of national democracy. His revolutionary courage is a beacon to us all. If Kabataang Makabayan succeeds in its patriotic mission, one important requirement it shall have met is to be imbued with the revolutionary courage of Andres Bonifacio, the courage that gives life and force to the principles that we now uphold in this epoch.

We recall the memory of Andres Bonifacio not only because we happen to meet on this day but more because we understand his continuing historical relevance to our present situation and we perceive the leading role of his class in this epoch during which our national efforts at basic industrialization and overthrowing feudalism are constantly frustrated by U.S. imperialism and its local reactionary allies.

We remember that, after the death of Bonifacio, the revolutionary initiative of the peasants and the workers in the Katipunan and the anti-colonialist struggle in general was undermined and debilitated by the liberal compromises made by the ilustrado leadership. The compromises came one after the other: the Pact of Biak-na-Bato, Aguinaldo's trust in Yankee confidence-men in Hongkong, the bourgeois-landlord upper hand in the Malolos Congress, and the ultimate surrender of the ilustrados and collaboration with the U.S. imperialist regime.

Though we are aggrieved by the fact that the Philippine revolution has been interrupted and that U.S. imperialism has grabbed the triumph of revolution from our hands, we must take a scientific view of our national history. We recognize such objective historical conditions as that no matter how sharply anti-colonial and anti-clerical were the ilustrados they did not yet have the ability to comprehend fully modern imperialism; that the working class was still in the embryo stage of its development; that the peasants in the provinces were misled by the equivocating demagoguery of both native landlords and liberals; and that U.S. imperialism was not only superior in industrial might but also well-versed in a liberal jargon which could easily deceive the newly-emerged Filipino bourgeoisie.

U.S. imperialism came to the Philippines and succeeded in imposing its sovereignty upon our people by military violence and by liberal guile. Whereas our people were already capable of crushing Spanish colonialism within the archipelago, they were still incapable of crushing a new type of colonialism, the imperialism of the United States of America.

Dr. Jose Rizal himself in his essay, "The Philippines A Century Hence", had predicted that the United States of America would come

to conquer us. It was a necessity for a capitalist system, reaching its final stage of development - monopoly capital - to seek colonies for its sources of raw materials and a dumping ground for surplus products and surplus capital and to pass on to other peoples the exploitation and disequilibrium that would otherwise be suffered by its own people alone.

Rizal saw the United States of America as a covetous and expansionist power, no different from Great Britain, Germany, France, Czarist Russia and Japan. It was out to rob the world, especially the peoples of Asia, Africa and Latin America. A newly-risen imperialist power with its ultra-national capitalist objectives, the Unites States would be determined to take over the colonial possessions of a decrepit Spanish power in Latin America, in the Pacific and in the Philippines.

The Philippines was specially important to the imperialist planners of the United States as it could very well serve as the staging area for the U.S. venture to participate with the other Western powers in the despoliation of China. Until now, the Philippines serves as a staging area for U.S. imperialism to attack and subvert Southeast Asia and the rest of Asia.

By all means, therefore, as a matter of "manifest destiny", the United States would beguile the credulous Emilio Aguinaldo in a maneuver to capture Manila and arrange the Treaty of Paris whereby Spanish colonialism ceded the Philippines to U.S. imperialism upon the payment of $20 million, and thus provoked the Filipino people into a war where 250,000 Filipino lives were snuffed out as the cost of trusting imperialism.

U.S. imperialism is deceptive and violent. The violence it unleashed against our people was justified in terms of Christianity and democracy. U.S. imperialism wanted to "Christianize" the Philippines after 350 years of Spanish clerical rule and to teach us "democracy" even after it had crushed the national democratic movement tested in the fire of the revolution of 1896 and which bore the first Philippine republic.

After suppressing the first Philippine Republic through the most brutal military operations, the U.S. government started to employ a semantical cover for its scheme of domination and put up such hypocritical slogans as "benevolent assimilation" and "education for self-government" to justify its unwanted presence. During a full decade of the most damnable suppression of any public expression of nationalism and bribery of the native bourgeoisie, U.S. imperialism started to glamorize certain political figures as "nationalists". These were the nationalists who comprised and accepted the U.S.-imposed limitation that they go to Washington and beg for Philippine independence. The Americans conveniently used these figures to prove their self-proclaimed benevolence and to steal the fire from the revolutionary anti-imperialists who preferred to take to the hills and prepare for a more meaningful struggle for national independence.

Until now, the Americans try to misrepresent Filipino nationalism. They would rather have what they call "positive" nationalism - a positive force in the "special relationship" between the Philippines and the United States. Compromise with U.S. imperialism is what is called positive nationalism.

There is only one nationalism that we appreciate. It is that which refers to the national democratic revolution, the Philippine revolution, whose main tasks now are the liquidation of imperialism and feudalism in order to achieve full national freedom and democratic reforms.

The Filipino nation has been formed through struggle against Spanish colonialism and, soon after, U.S. imperialism. As U.S. imperialism triumphed by brute force in the Filipino-American War, it must be vanquished by the resumption of the Philippine revolution of 1896. There can be no genuine national democracy in the Philippines without U.S. imperialism being done away with first.

There is a constant attempt of imperialist propaganda to impugn Filipino nationalism and communism together. The communist bogey has always been raised with the view of frightening our people. But, little do the reactionary propagandists realize that through their own efforts the people are getting to know that it is the imperialist strategy to destroy communists first to destroy the nationalists. In the strategic thinking of the U.S. imperialists which has been tested in their counter-revolutionary practices in Asia, Africa and Latin America, the most relentless anti-imperialists - whether communists or leftwing nationalists - must first be destroyed for any imperialist scheme of exploitation to succeed.

Thus, in the Philippines, we have seen the communists as the main target of massive attacks against civil liberties by the U.S. colonial government in 1931, by the Japanese after their successful landing in 1942, and again by the U.S. imperialists in their attempt after the Pacific War to recapture us. If we study closely the ratification of the Bell Trade Act and the Parity Amendment, we will discover that the communists had first to be harassed, imprisoned, assassinated and provoked before the bourgeois nationalist leaders in the Nacionalista Party and in the Democratic alliance could be discouraged and would compromise.

What the U.S. imperialists and their local cohorts, the compradors and big landlords, do not want to happen is the alliance of all anti-imperialists as has oftentimes happened in many Asian countries with fatal effectiveness against imperialism.

With the continuing triumph of U.S. imperialism in the Philippines and the stability of its control, it is the chief task of the Filipino youth to resume and complete the unfinished revolution under the banner of national democracy, to expose and oppose the national and social iniquities caused by U.S. imperialism and its local reactionary allies.

If the Filipino youth should relent in this task, then their people shall continue to suffer the direct impositions of U.S. imperialism as

well as feudalism which the former protects for its own selfish profit.

The youth today face two basic problems: U.S. imperialism and feudalism. These two are the principal causes of poverty, unemployment, inadequate education, ill-health, crime and immorality which afflict the entire nation and the youth. The youth do not only suffer with their people the iniquities of U.S. imperialism and feudalism but are also the first ones to suffer them.

It is the task of the Filipino youth to study carefully the large confrontation of forces between U.S. imperialism and feudalism on one side and national democracy on the other side. To know the nature of this contradiction of forces is to know the dynamism and internal motion of our semi-colonial and semi-feudal society.

For the youth to know so much as for them to act more effectively and cooperate more thoroughly on the side of progress in the historical process of change.

Kabataang Makabayan, in its historic role as the vanguard organization of Filipino youth, should know the balance of forces between imperialism and feudalism on the one hand and national democracy on the other. On the other side of U.S. imperialism are the compradors and the big landlords. On the side of national democracy are the broad masses of our people, composed of the working class and peasantry to which the vast majority of the Filipino youth today belong; the petty bourgeoisie, composed of small property-owners, students, intellectuals and professionals; and the national bourgeoisie, composed of Filipino entrepreneurs and traders.

From the present scheme of social classes in the Philippines today, we can easily observe that the forces of national democracy - the motive forces of the Philippine revolution - are now far stronger in the 1960's than they were in 1899-1902 when U.S. imperialism first trampled upon our national freedom with the most brutal success.

From the same scheme of social classes, we can derive a new and powerful combination of youth - the students, young professionals, labor youth and the peasant youth. Above all, the Filipino youth should integrate themselves with the masses in order to achieve victory in the fight for national freedom and democracy.

Kabataang Makabayan, as the vanguard organization of the Filipino youth, should assist in the achievement of an invincible unity of all national classes and forces and to push further the struggle for napolitical, cultural and military - against the leading enemy, landlordism, both of which have frustrated the national democratic aspirations of the Philippine revolution of 1896 and have made the suffering and exploitation of our people more complex and more severe.

This generation of Filipino youth are lucky to be at this point of history when U.S. imperialism is fast weakening at all significant levels of conflict; that between capitalism and socialism: that between the capitalist class and the working class; and that between imperialism and national independence movements in Asia, Africa and Latin America.

Even as the Philippines today is the scene of frantic U.S. imperialist re-adjustment and it appears that U.S. imperialism would succeed in controlling the country more thoroughly by destroying our national industrial base and by shifting it back to a plantation economy dominated by the U.S. agro-corporations, the Filipino youth would find it easier than they expect to overthrow U.S. imperialism provided they are inspired and guided by the new national democratic objectives of the Philippine revolution.

The October 2nd demonstrations against U.S.imperialism in front of the U.S. embassy and Malaca¤ang Palace, whose participants and sympathizers Kabataang Makabayan should now consolidate, has already manifested the rising wave of national democracy among our people. Such a mass action has shown to us the changing balance of forces in our country.

The objective national and world-wide conditions favor a national democratic movement of the Filipino youth. It is high time for the Filipino youth to raise and carry forward the red banner of Andres Bonifacio and the Katipunan, with the new emblem of the worker-peasant alliance.



## MENSAHE SA ANAKBAYAN

# SA PAGGUNITA NITO NG IKA-35 TAONG ANIBERSARYO NG KABATAANG MAKABAYAN



**MAPULANG PAGPUPUGAY SA LAHAT NG KAPWA PAMBANSA-DEMOKRATA SA LIGAL NA DEMOKRATIKONG KILUSAN, SA MGA ALYADO AT SA MGA BETERANONG KASAPI NG KM NA DUMALO SA PAGTITIPONG ITO ANG IPINA-AABOT NG BUONG KASAPIAN AT LIDERATO NG KABATAANG MAKABAYAN.**

**KAMI AY NAGAGALAK SA INYONG PAGTITIPON NGAYON UPANG GUNITAIN ANG IKA-35 TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG KM. HIGIT DIN ANG AMING KAGALAKAN NA BILANG BAHAGI NG SELEBRASYON AY MAGLILIMBAG ANG ANAKBAYAN NG LIBRO BILANG PAGPAGPUPUGAY SA MGA MARTIR NG KM NG DEKADA 90.**

## Maikling balik-tanaw sa kasaysayan ng KM

Ang KM ay itinatatag noong ika-30 ng Nobyembre 1964, ika-101 taong kapanganakan ni Andres Bonifacio, sa YMCA auditorium. Ang petsa ng pagkakatatag ng KM ay hindi lamang paggunita kay Andres Bonifacio at ang papel na ginampanan ng Katipunan sa Rebolusyong Pilipino. Mas mahalaga pa ang pagkilala sa tungkulin na ipagpatuloy at kumpletuhin ang nabalam na rebolusyon sa bandila ng pambansang demokrasya sa ilalim ng pamumuno ng uring proletaryo.

Ang KM ang kauna-unahang organisasyon ng kabataang Pilipino na may malinaw, tumpak at kumprehensibong pambansa-demokratikong programa. Sa lahat ng kanyang mga aktibidad ang KM ay puspusan at militanteng nilalabanan ang tatlong pangunahing suliranin ng sambayanang Pilipino — ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo — at mahigpit na sumasanib sa pakikibaka ng masang anakpawis.

Mayroon lamang 84 na *charter members* sa kongreso ng pagtatatag ang KM. Ang mga *charter members* ay pangunahing nagmula sa mga estudyante ng kolehiyo at mga kabataang manggagawa. Sila ang mga ubod ng kabataan-estudyante at kabataang manggagawa na napanday sa mga grupo ng pag-aaral at mga aksyong masa sa maagang bahagi ng dekada 60.

Ang kalakhan ng mga estudyante na myembro ng KM ay galing sa University of the Philippines at Lyceum of the Philippines. Sila ay mga kasapi at mga namumunong elemento ng iba't ibang organisasyon sa pamantasan tulad ng konseho at publikasyon ng mag-aaral, Student Cultural Association of UP (SCAUP) at iba pa. Sila rin ang mga lider ng iba't ibang pambansang organisasyon ng estudyante.

Ang mga kabataang manggagawa na kasapi ng KM ay galing sa Lapiang Manggagawa, partikular ang mga unyon na nasa ilalim ng National Association of Trade Union (NATU). Ang mga kasaping ito ang mga lider ng unyon na may karansasan sa pakikipagkaisa sa kabataang estudyante sa mga aksyong masa, partikular ang demonstrasyon ng Oktubre 2, 1964 sa Malakanyang laban sa pagpapaka-tuta ni Macapagal sa imperyalismong US na patagalin pa ang Parity Amendment at ang Laurel-Langley Agreement.

Pagkatapos ng kongreso ng pagtatatag, maraming mga lokal na balangay ng KM ang naitatag sa iba't ibang paaralan sa Manila-Rizal, Gitnang Luzon at Timog Luzon. Nagsimula na ring sumapi ang mga kabataang guro at mga propesyunal.

Mabilis na lumaganap ang prestihiyo at impluwensya ng KM laluna't ng pinamunuan nito ang 15,000 mamamayan sa demonstrasyon sa Embahada ng Estados Unidos noong ika-25 ng Enero 1965. Ito ang kauna-unahang anti-imperyalistang demonstrasyon simula dekada 40.

## Pambansang Pagpapalawak at ang FQS ng 1970

Mabilis na lumawak sa pambansang saklaw ang KM. Ang mga kabataang manggagawa at estudyante na kasapi ng KM sa Manila-Rizal ay hinikayat na bumisita sa kani-kanilang mga probinsya upang maglunsad ng mga grupo ng pag-aaral at pukawin ang mga kabataan — pangunahin na ang kanilang mga kamag-anak at kaibigan — na magtayo ng lokal na balangay ng KM.

Naging matagumpay ang ganitong pamamaraan ng pagpapalawak sa mga probinsya at mga syudad. Tampok na mga halimbawa rito ay ang pagkakatatag ng mga balangay sa syudad ng Pampanga, Laguna, Batangas at Quezon. Ang mga balangay na ito ang magsisilbing batayan para sa estratehikong pagpapalawak at konsolidasyon ng KM sa kanayunan.

Ang mga unyon ng mga manggagawa at asosasyon ng mga magsasaka ay tumulong din sa pag-abot pa sa kabataan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa mahigpit na ugnayan sa Socialist Party of the Philippines at sa Malayang Samahan ng Magsasaka, ang KM ay nasa posisyon para magbuo

ng mga balangay nito sa hanay ng manggagawa at magsasaka.

Ang KM sa Gitnang Luzon ang kauna-unahang nakapaglunsad ng panrehiyong kumperensaya sa Republic City College sa Angeles City nuong 1965 at sumunod ang Timog Luzon sa Batangas City Auditorium nuong 1966.

Subalit ang pinakamabisa at mabilis na paraan ng pagpapalawak ng kasapian ng KM ay sa pamamagitan ng paglulunsad at pamumuno sa mga pakikibakang masa upang masaklaw at malawakang maorganisa nila ang masang kabataan.

Sa panahon ng 1965-1966 ang KM ay malimit na naglulunsad ng mga kampanya at akyong masa laban sa imperyalismong US at sa mga lokal na papet nito, at sa iba't ibang isyung pambayan. Tampok sa mga pagkilos na ito ay ang rali laban sa Manila Summit ni Lyndon Johnson at ang kanyang mga papet sa Asya noong Oktubre 23, 1966. Naglunsad din ito ng mga rali laban sa digmang pananakop ng US sa Byetnam at ang pakiki-alam ng Pilipinas sa nasabing gyera.

Ang mobilisasyon ng Oktubre 24, 1966 ay marahas na sinalakay ng mga tropang militar ni Marcos at naglunsad ng kanyang paninira sa mga lider ng nasabing pagkilos. Subalit hindi nito kayang takutin ang kabataan. Nilabanan nila ang kampanyang pananakot ni Marcos at inilunsad ang **October 24th Movement.** Sa ngalan ng nasabing kilusan, mas maraming kumperensya ng mga kabataan ang nailunsad at mas maraming militanteng pagkilos ang kumondena sa karahasan at pagkatuta ni Marcos.

Kahit ang mga mag-aaral ng Philippine Military Academy ay naakit na lumahok sa KM. Sa maagang bahagi ng 1966, ang mga *junior* at *senior classes* ay nilabanan ang kanilang mga opisyal at inimbitahan ang Tagapangulo ng KM, na si Jose Maria Sison, na magsalita sa kanilang hanay hinggil sa tamang konsepto ng pambansang seguridad.

Pumutok din ang mga kampanya at mga aksyong masa sa mga paaralan upang labanan ang mga reaksyunaryong patakaran sa sistema ng edukasyon—pagtaas ng matrikula at ang nabubulok na serbisyo sa mga paaralan. Noong 1968-69 ang kilusang protesta ng mga estudyante ay kumalat na sa buong bansa.

Maraming mga organisasyon ang sumapi sa KM at sa kilusan para sa reporma sa kampus tulad ng Movement of Student for Reforms (FEATI), Lyceum Student Reform Movement, Samahang Molave (PUP) at iba't ibang organisasyon sa UE, FEU, San Beda College, Philippine College of Criminology, PSBA, St. Theresa's College at marami pang iba.

Sa mahigpit na pakikipag-ugnayan sa masang anakpawis, nakatulong rin ang KM sa pagbubuo ng mga progresibong unyon at transpormasyon ng iba pa sa pamamagitan ng mga kabataang manggagawa na kasapi ng KM na kalimita'y dominante sa mga empresa. Kalauna'y maraming mga unyon ng manggagawa ang magbubuo ng dalawang mayor na pederasyon ng mga manggagawa sa pagpasok ng dekada 70.

Gayundin, nakipagtulungan ang KM sa Pagkakaisa ng mga Magbubukid sa Pilipinas sa paglulunsad ng malaking demonstrasyon sa Manila noong Abril 11, 1969 na nilahukan ng mahigit 20,000 katao. Ang pinakamalaking delegasyon ng mga magbubukid ay nanggaling sa Tarlac na noon ay base na ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa panahon ding ito inilunsad ng KM ang Pambansa Demokratikong Paaralan at ginamit na batayang dokumento ng pag-aaral ang librong Makibaka para sa Pambansang Demokrasya (SND) na unang nalimbag nuong 1967. Ang pag-aaral sa mga akda sa SND ang nagpalalim ng pag-unawa ng mga aktibista ng KM hinggil sa linya ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Signipikanteng bahagi ng umaabanteng aktibista ng KM ang sumapi sa Partido noong 1968 at sa BHB noong 1969. Malaki ang naging ambag ng KM sa pambansang paglalatag ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa pagpasok ng 1970 pumutok ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Ang direksyon ng paghahari ng pangkating Marcos ay tungo sa isang lantad na pasistang diktadura.

Sumiklab ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 nang marahas na salakayin ng mga tropang militar ang mga nagpo-protestang kabataan at mamamayan laban sa rehimeng US-Marcos sa harap ng Kongreso noong Enero 26, 1970 at sa harap ng palasyo ng Malakanyang noong Enero 30-31 1970. Sa halip na matakot ay sinagot ang pasismo ng rehimeng US-Marcos ng sunod-sunod at papalaking mga aksyong masa.

Sa loob ng tatlong buwan naglunsad ang kabataan at mamamayan ng iba't ibang tipo ng protesta na nilahukan mula 50,000 hanggang 100,000 demonstrador. Ang mga dambuhalang aksyong masa ay hindi kayang pigilan ng rehimeng Marcos — ng kanyang pananakot ng masaker at mga brutal na pananalakay sa mga kilos protesta na ikinamatay ng ilang mga demonstrador. Umapaw pa nga hanggang sa mga probinsya ang lumalagablab na apoy ng pambansa demokratikong kilusang masa.

Naganap ang Sigwa dahil sa matiyaga at puspusang pagsisiskap ng KM sa gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon sa buong panahon ng dekada 60 sa hanay ng kabataan at mamamayan. Ang KM ang nagsilbing matatag na bag-as at pinakamalakas at konsolidadong organisasyon ng kabataan ng Sigwa.

Sa gitna ng rumaragasang kilusang masa, itinatag ng KM ang Movement for a Democratic Philippines, isang organisasyon ng nagkaka-isang prente upang palaparin pa ang napapakilos na mamamayan laban sa rehimeng US-Marcos at gayundin laban sa panggugulo ng mga kleriko pasista at ng rebisyunistang Lava.

Liban sa KM, marami pang pambansa-demokratikong organisasyong masa ang nagmartsa sa unahan ng Sigwa: Samahang Demokratiko ng Kabataaan (SDK), Kilusang Kabataan para sa Demokrasya (KKD), Samahan ng Progresibong Kabataan (SPK)-Molave at Makabayang Samahan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA). Marami rin ang mga nabuong organisasyon tulad ng KKKP (Kilusang Kristiano ng Kabataang Pilipino), STAND (Student Alliance for National Democracy) Alithea, Samahang Radikal at iba pa.

Ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 ang panandang bato ng katumpakan ng muling pagsigla at pagsusulong ng rebolusyon Pilipino. Ang pambansa-demokratikong pundasyong ito ang magbibigay ng direksyon sa tuloy-tuloy at komprehensibong pag-abante ng buong rebolusyonaryong kilusan at ng KM kahit pa sa madilim na paghaharing militar ng pasistang diktadurang US-Marcos.

## Ang batas militar at ang lihim na pagkilos ng Kabataang Makabayan

Nang ipataw ng pasistang rehimeng US-Marcos ang batas militar noong Setyembre 1972, ito'y hudyat ng kanyang desperasyon. Naging malinaw ang kabulukan ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Patunay ito na hindi na kayang maghari sa lumang paraan ang mga naghaharing uri.

Pansamantala lamang ang naging epekto at dislokasyon ng batas militar sa operasyon ng KM. Bago pa man ay nakapaghanda na ang maraming opisyales at kasapi nito. Ang islogang "*Digmang bayan, sagot sa martial law*!" ay unti-unting nagkakahugis sa maramihang pagtatalaga sa mga kasapi ng KM na gumampan ng gawain sa kanayunan.

Nang buwagin ang pambansang istruktura ng KM noong 1974 dulot ng mahigpit na kalagayan ay nagsimula naman ang sistematikong pagtatalaga ng mga liderato at kasapi sa kanayunan. Maraming miyembro ng KM ang direktang gumampan ng gawaing masa sa hanay ng magsasaka, naging mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at mga panimulang ubod ng organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Naging mahigpit itong katuwang ng Partido sa lumalaking gawain sa rebolusyon.

Kahit sa harap ng napakahigpit na kalagayan, nagpunyagi pa rin sa gawain ang mga kasapi ng KM. Nagpatuloy, partikular sa NCR, ang gawaing pag-oorganisa sa mga kabataang-estudyante. Hindi naging balakid ang lihim na pagkilos nito. Naging lunsaran ng mga propaganda at pagpapakilos ang mga ligal na tradisyunal na organisasayon ng mga estudyante. Sa UP pinakamasigla ang gawain sa mga estudyante. Nakapagbuo rin ng mga alyansa.

Nang pumutok ang pagtaas ng matrikula noong 1977, aktibong lumahok at pinamunuan ng KM ang mga pagkilos. Sumigabo muli ang pagpapakilos sa mga lansangan at mga paaralan. Pumutok ang kilusang boykot at nakapagpakilos ng mahigit 200,000 estudyante sa lahat ng malalaking pamantasan sa NCR.

Subalit ang momentum ng nagsisimula pa lamang na pagbangon ng kilusang kabataan-estudyante ay maagang madidiskaril pagdating ng 1978 nang ibangga ni Felimon Lagman ang kanyang kanang islogan na paglahok sa eleksyon sa IBP at ang kaliwang pamamaraan ng pagkondukta ng mga mobilisasyong masa. Malaking bahagi ng organisasyon ng rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante ay tinamaan ng kaguluhan na ito.

## Panahon ng paglihis at paghina ng rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante

Sa pagpasok ng dekadang 80 ang pamalagiang krisis ng naghaharing sistema ay lalu pang lumala. Higit pang sinindihan ito ng pampinansya at pampulitikang krisis na humambalos sa malakolonyal at malapyudal na lipunan. Sa gitna nito ay patuloy pa rin ang kasiglahan ng kilusang kabataan-estudyante.

Sa maagang bahagi ng dekada 80 ay pumutok ang kilusan para sa demokratikong reporma sa mga paaralan. Sumaklaw ang rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudayante sa buong bansa. Pinakamalakas ito sa NCR at nakalatag sa lahat ang sentrong urban. Ilang doble ang laki at lakas kumpara sa ikalawang hati ng dekada 70. Dulot ito ng momentum ng huling mga taon ng dekada 70 at pagtalima sa wastong linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Subalit ang mga naipundar na lakas ay nalustay sa pagtahak nito sa repormismo at mga gasgasang pakikibaka. Sa mga paglihis at pagkakamali di lahatang panig na nakapagpalakas at wastong nakapagpaunlad ng gawain ang KM sa rebolusyonaryong kilusan hanggang sa tuluyan na itong lumayo sa landas ng digmang bayan at tamaan ng malalaking mga pinsala.

Tampok sa mga naging kamalian ng rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante at ng KM ay ang paglikida nito sa pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido nang angkinin nito sa kanyang Ika-apat na Pambansang Kongreso ang pamumuno sa rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante at pagiging partikularista sa kanyang oryentasyon.

Sa pagkahumaling sa intensipikasyon ng mga pakikibaka sa urban at mga gasgasang kondukta ng mga aksyong masa, patuloy na lumayo ang RKKE at KM sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ang pinakamasahol na epekto ng mga paglihis sa linya ay ang paghinto ng pagtatalaga ng mga kadre't aktibista ng KM at mga edukadong kabataan sa kanayunan.

## Kilusang Pagwawasto at Muling Paglakas

Nang ilunsad ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, mainit ang naging pagtugon dito ng rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante at ng KM. Naging inspirasyon ang pagpuna ng Partido sa mga kamalian dulot ng pagmamadali at ang muling pag-aaral sa mga batayang prinsipyo ang nagpa-alab muli sa kapasyahan ng KM na taluntunin ang landas ng armadong rebolusyon.

Buo ang kapasyahan na tumugon sa panawagan ng Partido para sa kumprehensibo at lahatang panig na pagwawasto, nanawagan ang pambansang liderato ng KM sa lahat ng kasapian nito na pag-aralan ang mga batayang dokumento ng muling pagtatatag ng Partido at ang mga dokumento ng kilusang pagwawasto. Naging daluyan din ng panawagan ng kilusang pagwawasto at ng Partido ang mga pahina ng *Kalayaan*.

Dahil sa pagbabalik sa wastong linya ng pag-abante, muling naibalik sa maagang bahagi ng dekada 90 ang pagtatalaga ng mga aktibista sa kanayunan. Simula 1990 hanggang 1996 ay nakapagtalaga na muli ng humigit kumulang na 200 kadre't aktibista ang rebolusyonaryong kilusang kabataan-estudyante; 50 rito ay gumagampan ng mga responsable at namumunong papel sa pagkokonsolida ng mga larangang gerilya sa kanayunan.

Nakapagtalaga na rin ang RKKE ng malaki-laking bilang ng mga kadre't organisasdor sa hanay ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Bukod dito ay mahigpit na nagiging katuwang ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ang kabataan at estudyante sa kanilang mga pakikibaka at pag-oorganisa. Tumutulong ang KM at ang kilusang kabataan at estudyante sa pagbibigay ng mga pag-aaral hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Sa kabilang banda naman ay natututo sila sa buhay at pakikibaka ng masang anakpawis. Gayundin, kasama tayo ng mga manggagawa sa pag-oorganisa sa iba pang mga maralita sa mga komunidad.

## Ipagbunyi ang ika-35 taon ng KM

Sa pagsapit ngayon ng ika-35 taon ng KM tiyak na hindi lamang kami ang magdiriwang. Alam namin na ito ay ipinagdiriwang din ng lahat ng nagmamahal sa kalayaan at ng mga aping mamamayan. Ang aming 35 taong karanasan sa mahirap ngunit dakilang pakikibaka ay hahalawan namin ng mga aral at karanasan upang higit pang makapagpunyagi sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Sa dakilang araw ding ito ng ika-136 na kaarawan ni Andres Bonifacio ay muli naming pinagtitibay ang aming panata noong Unang Pambansang Kongreso ng KM na kasama ng buong sambayanang Pilipino ay ipagpapatuloy ang nabalam na rebolusyon ng 1896 sa makauring pamumuno ng uring manggagawa sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Sa inyong lahat na dumalo sa pagdiriwang na ito ng ANAKBAYAN sa ika-35 taong anibersaryo ng KM tanggapin ninyo ang aming mapulang pagsaludo. At sa lahat ng mga kasapi at lider ng ANAKBAYAN, halawan ninyo ng aral ang mga karanasan ng KM at alam namin na sisikapin ninyong makasulong at higitan pa ang mga nakamit na ng KM.

Nananawagan din kami sa lahat ng kasapi ng ANAKBAYAN na pag-aralan ninyo ang mga batayang dokumento ng KM at ang linya ng pambansa demokratikong rebolusyon at marubdob na isapraktika ito sa hanay ng sambayanang Pilipino. Tumatanaw din kami sa di malayong hinaharap na pamumunuan ng ANAKBAYAN ang mga pakikibaka at aksyong masa ng kabataan at isasanib ito sa makapangyarihang kilusan ng masang anakpawis.

Umaasa rin kami na makakasama namin ang ANAKBAYAN sa pagdaloy ng Kabataang Makabayan patungong kanayunan at sumanib sa masang inaapi sa pagsusulong ng digmang bayan.

***Mabuhay ang Kabataang Makabayan!***
***Mabuhay ang sambayanang Pilipino!***
***Magpunyagi sa Matagalang Digmang Bayan!***

PAMBANSANG KOMITENG TAGAPAGPAGANAP
30 Nobyembre 1999

# MENSAHE SA PAGDIRIWANG NG *ANAKBAYAN* SA IKA-35 ANIBERSARYO NG *KABATAANG MAKABAYAN*

Ni Jose Maria Sison
Tagapangulo sa Pagtatatag
Kabataang Makabayan
Ika-30 ng Nobyembre 1999

**MAINIT AT MALUGOD NA PAGBATI SA LAHAT NG LIDER AT KASAPI NG ANAKBAYAN SA INYONG PAGDIRIWANG NG IKA-35 ANIBERSARYO NG KABATAANG MAKABAYAN. KARAPAT-DAPAT ANG INYONG TEMANG "IPAGDIWANG ANG 35 TAON NG REBOLUSYONARYONG SIGASIG NG KABATAAN".**

Ipagbunyi natin ang mga tagumpay na nakamit ng rebolusyunaryong kilusan at ang mahalagang ambag ng mga kabataang rebolusyunaryo sa mga tagumpay na ito. Ang mga ito ay bunga ng masigasig na pakikibaka at walang pag-iimbot na sakripisyo. Pinaparangalan natin ang lahat ng kabataan na hinubog ng Kabataang Makabayan upang maging rebolusyonaryo at lumahok sa pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino.

Sa pagdiriwang ng ating mga tagumpay, dapat lamang na gunitain at bigyan ng pinakamataas na parangal ang maraming kabataang martir na nag-alay ng kanilang buhay para sa rebolusyonaryong simulain ng sambayanan. Pinupuri ko ang ANAKBAYAN sa paglilimbag ng aklat-parangal sa mga kabataang martir. Palatandaan ito na ang Anakbayan ay tunay na tagapagmana ng Kabataang Makabayan.




Hindi matatawaran ang ambag ng ating mga martir sa mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan. Ang kanilang kabayanihan ay patuloy na nagsisilbing maningning na halimbawa sa lahat ng kabataan at rebolusyonaryong Pilipino upang ibuhos ang buong sarili at pagsisikap hanggang sa makamit ang ganap na tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng uring manggagawa. Sila ang pinakamahusay at pinagpipitagang mga anak ng bayan.

May susing papel ang kilusang kabataan sa pagpapaunlad di lamang ng kilusang masa sa kalunsuran kundi maging ng buong pambansa-demokratikong kilusang masa. Ang bagong usbong na kilusang kabataan na pinamumunuan ng mga bagong proletaryong rebolusyunaryo ang bumasag sa matinding reaksyon at antikomunistang isterya noong dekada '50. Napangibabawan ng kilusang kabataan ang mga kaliwa at kanang oportunistang kamalian sa nakaraang dekada sa kasaysayan ng lumang partido. Linabanan din nito ang makabagong rebisyonismo na ikinalat ng partidong Sobyet at sinang-ayunan naman ng taksil na pangkating Lava. Pinasimulan nito ang pagpapanibagong-sigla ng antiimperyalista at antipyudal na kilusang masa noong dekada '60.

Ang Kabataang Makabayan ay itinatag noong 1964 bilang isang kumprehensibong organisasyong masa ng kabataan sa loob ng balangkas ng pambansa demokratikong rebolusyon. Kabilang sa mga myembro nito ang mga istudyante at kabataang labas sa paaralan—kabataang manggagawa, magsasaka, maralita ng lunsod at propesyunal.

Mula't sapul, itinakda ng KM sa kanyang programa ang pagiging tagapagtaguyod at katulong ng uring manggagawa bilang uring siyang namumuno sa rebolusyon. Tinupad ang tungkuling magmulat, mag-organisa at magmobilisa sa kabataan. Naging paaralan sa pagsasanay ng mga aktibista ng pambansang demokratikong kilusan upang hubugin silang maging proletaryong rebolusyonaryo.

Buo ang kapasyahan ng KM na umugnay sa kilusan ng mga manggagawa at magsasaka. Malinaw sa kanila na magagampanan ng kilusang kabataan ang mahalaga at mabisang papel sa pambansa demokratikong rebolusyon kung silaý nakaugnay sa manggagawa at magsasaka at sumusunod sa pamumuno ng uring manggagawa.

Taglay ang diwang paglingkuran ang sambayanan ang mga myembro ng Kabataang Makabayan ay tumungo sa mga baryo at pabrika upang makisalamuha sa masa, matuto sa kanila at magsagawa ng panlipunang pagsisiyasat at gawaing masa. Kanilang isinapraktika ang paalala ni Kasamang Mao na dapat bigyan pansin, isapuso at ipaglaban ng mga rebolusyonaryo ang mga karapatan at interes ng masang pinagsasamantalahan at inaapi.

Nang muling itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968, marami sa panimulang kasapian nito ang nagmula sa kilusang kabataan. Silaý napanday sa kilusang masa kasama ang mula sa uring

manggagawa at magsasaka. Mataas ang kanilang rebolusyonaryong kamalayan at militansya at determinadong maglunsad ng armadong pakikibaka. Marami sa mga batang kadre ay handang kumilos sa kanayunan, magkaugat sa hanay ng masang magsasaka, at lumahok sa armadong pakikibaka.

Sa pambansang pagpapalawak ng Partido, naging panimulang lambat niya ang organisasyon ng KM. Kaagad naging mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang ilang ganap na kasapi at kandidatong kasapi ng Partido sa loob ng KM. Hinimok din ang mga abanteng aktibista na sumama sa hukbo.

Noong Enero hanggang Marso 1970, sumiklab ang makasaysayang serye ng mga aksyong protesta na tinaguriang Sigwa ng Unang Kwarto. Ang makapangyarihang pampulitika at pangkuluturang kilusang ito ay pinangunahan ng mga organisasyon ng kabataan at istudyante sa pamumuno ng Kabataang Makabayan. Umalingawngaw sa buong kapuluan ang mapanlabang islogan, "Ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo!" Nagpatuloy ang mga hayag na pagkilos ng masa hanggang ipataw ng rehimeng EU-Marcos ang martial law. Malawakang ipinalaganap ang panawagan para sa pambansa demokratikong rebolusyon at itinaas sa isang bagong antas ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

Nang ipataw ang pasistang paghahari ng diktador na si Marcos upang supilin ang rebolusyonaryong kilusan, isa sa mga naging pangunahing target ang KM. Marami sa mga kabataang napanday sa militanteng mga aksyong masa ay tumungo sa kanayunan upang lumahok sa armadong pakikibaka. Yaong pansamantalang di kayang saluhin sa kanayunan ay pumaloob sa kilusang lihim sa mga lunsod at bayan upang ipagpatuloy ang pagganap ng mga rebolusyunaryong gawain sa tungko ng ilong ng kaaway.

Sa buong takbo ng pasistang diktadura, umigting ang rebolusyonaryong pakikibaka at lalong lumakas ang mga rebolusyonaryong pwersa sa halip na matupad ang imbing hangarin ng mga imperyalista at pasista papet nito. Subalit ang tumpak na linya ng Partido at kilusang rebolusyonaryo ay sinalungat ng mga maling linya, magmula sa mga unang taon ng dekadang 80, at umalagwa ang mga kamalian hanggang ilantad at labanan ang mga ito sa Ikalawang Dakilang Kilusan sa Pagtutuwid.

Sa diumano'ý pagbibigay ng nararapat na pansin sa pakikibaka sa kalunsuran, itinulak ng mga oportunista ang maling linya ng insureksyunismo at repormismo at itinuring na paso na ang estratehikong linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan. Ang pinakamasamang epekto ng mga malalang paglihis at disoryentasyon noong dekada '80 ay ang pagtigil ng pagpapadala ng mga kabataang edukado para gumanap ng gawain sa kanayunan.

Ang pinakamasahol sa mga "Kaliwang" oportunista ay lumabag sa legal na depensibong katangian ng kilusang masa sa kalunsuran at nagpalutang ng ideya na ang armadong insureksyunismo ng iilang armadong partisanong lunsod at ang ispontanyong masa sa lunsod ang nangungunang salik sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika.

Ibinangga naman ng pinakamasahol na mga kanang oportunista ang repormismo sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan at itinulak ang linya na dapat ang legal na pakikibaka ay siyang pangunahing anyo ng pakikibaka sa kabuuan ng rebolusyonaryong kilusan at dapat isuko ng Partido ang kanyang kasarinlan at inisyatiba at hayaan ang masa na sumunod sa mga partido at pulitiko ng mga mapagsamantalang uri.

Ang estratehikong linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan ay umaayon sa malakolonyal at malapyudal na kalagayan at tumutupad sa batayang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka. Nagpapahintulot ang linyang ito sa Partido at mamamayan na buuin ang hukbong bayan sa kanayunan, wasakin ang pampulitikang kapangyarihan ng mga reaksyunaryo sa mga lokalidad, itayo ang mga rebolusyonaryong organo ng kapangyarihang pampulitika na tulad ng pag-ikid ng sunudsunod na alon at magpalaki ng armadong lakas sa mahabang panahon hanggang sa makamit ang kakayahang agawin ang kapangyarihang pampulitika sa pambansang saklaw.

Kahit segundaryo sa armadong pakikibaka sa usapin ng pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, ang ligal na kilusang masa sa kalunsuran ay gumaganap ng mga tungkulin na kung wala ito ay maaaring humina o magapi ang armadong pakikibaka. Nakakatulong ito upang hindi maihiwalay ang armadong pakikibaka sa kanayunan. Naipapalaganap nito sa mas malawak na saklaw ang mensahe ng rebolusyon.

Nagpapanday ito ng mga ligal na kadre at aktibistang masa para sa maraming gawain sa rebolusyon kasama na ang armadong pakikibaka. Sa pagtutulungan ng legal at armadong pakikibaka, makakasulong at magtatagumpay ang kabuuan ng bagong demokratikong rebolusyon. Sa panahon ng estratehikong opensiba, dapat na handa na rin ang kilusang masa sa kalunsuran para patalsikin ang kaaway mula sa kanyang lungga.

Nang ilunsad ng rebolusyunaryong kilusan sa pamumuno ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, mabilis na tumugon ang kilusang kabataan. Bunga nito, dumarami na uli ang mga kabataang aktibista. Seryoso sila sa pag-aaral at pagsasagawa ng rebolusyon. Natitiyak nilang wasto ang linyang tinatahak nila at masigasig na kumkilos upang gampanan ang iba't ibang tipo ng gawain.

Maraming kabataang aktibista ang handang gumanap ng gawain sa kanayunan at lumahok sa armadong pakikibaka. Bunga ng kilusang pagwawasto nasa matibay na batayan ngayon ang rebolusyunaryong kilusan para sa mas malalaking tagumpay at pagsulong sa lahat ng larangan.

Hanggang ngayon at sa mahabang panahong darating, modelo ng mga organisasyon ng kabataan ang Kabataang Makabayan. Dapat ipagpatuloy ang pagtataguyod sa mga prinsipyo at pamamaraan nito at dapat tularan ang mga bayani at martir na sinanay nito. Inspirasyong walang hanggan ang KM.

Buhay pa ang Kabataang Makabayan sa pagiging liga ng kabataang komunista. Sinumang kabataang aktibista ang nais maging komunista ay maaaring sumapi sa ligang ito. Patuloy na katulong ito ng Partido Komunista ng Pilipinas. Patuloy na organisasyong lihim ng kabataan na nasa balangkas ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas.

Makasusulong ang Anakbayan kung mapapakinabangan niya ang mga karanasan at aral na pamana ng Kabataang Makabayan, laluna bilang isang legal na komprehensibong organisasyon ng Kabataan sa nakaraan. Subalit, hindi rin makakasulong ang Anakbayan kung hindi nito sisikapin na higitan ang mga dating tagumpay ng KM.

Kung gayon, nais kong manawagan sa mga pinuno at kasapi ng Anakbayan na ibayong mag-aral hinggil sa linya ng pambansang demokrationg rebolusyon at puspusang isakatuparan ito sa hanay ng kabataang Pilipino, gayundin sa hanay ng sambayanang Pilipino. Mananatili at ibayong magiging masigla at masigasig ang kilusang rebolusyonaryo kapag lalong lumakas ang daloy ng pagpasok ng kabataan sa kilusang ito.

# MGA PANGUNAHING KONGKLUSYON AT ARAL

**NAMUMUKOD NA TAGUMPAY NG RKKE SA NAKARAAN ANG IBAYONG PAGLAWAK NITO SA HANAY NG MASANG ESTUDYANTE. NOONG 1981-1982, SUMAKLAW ANG RKKE SA BUONG BANSA. PINAKAMALAKAS ITO SA NCR AT NAKALATAG SA LAHAT NG MGA SENTRONG URBAN, AT PINAKAMALAKAS SA NCR. ILANG DOBLE ANG LAKI AT LAKAS NITO KUMPARA NOONG IKALAWANG HATI NG DEKADA 70 MATAPOS NA MAPINSALA ANG RKKE DULOT NG BATAS MILITAR NOONG 1972. NAGTAGUMPAY ANG RKKE DAHIL SA PATULOY NA NAGPURSIGE ITO SA REBOLUSYONARYONG LANDAS AT PAGTATAGUYOD NG PRINSIPYO'T LINYANG PAMBANSA DEMOKRATIKONG REBOLUSYON.**

Naitayo sa isang antas ang organisasyon ng Partido, mga kadre't organo nito na tumayong gulugod ng RKKE. Nailatag sa halos lahat ng pinakamalaki o pinakamahalagang paaralan ang kilusang lihim, at dito rin pinakamasigla ang kilusang masa. Nanatiling pinamumunuan ng Partido ang KM at may mga aktibistang masa na nakatulong ng Partido sa pagpupukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa sa masang kabataan-estudyante. Naitayo at nananatiling may pambansang istruktura ang mga sektoral na organisasyong masa at alyansa na pinamumunuan ng Partido, at gayundin ang ilang daan na mga organisasyon at samahan ng estudyante na kinikilusan ng mga rebolusyonaryong puwersa sa mga paaralan.


Mahalagang bahagi ang RKKE sa pagbubuwelo, pagsusulong at pagpapalakas ng kilusang masa sa kalunsuran, sa NCR at sa buong bansa.

Malaki ang kontribusyon nito sa paglalantad, paglaban at paghihiwalay sa diktadurang rehimeng US-Marcos. Inantig at malakas na nanawagan ang RKKE sa hanay ng panggitnang puwersa na lumahok sa kilusan ng mamamayan laban sa pasistang diktadurang US-Marcos.

Sa sektor ng kabataan-estudyante, pinakamalaki at pinakamasigla ang rebolusyonaryong kilusang masa na pinamumunuan ng Partido Ipinakikita ng sumusulong na kilusang pagwawasto ang taglay na rebolusyonaryong kasiglahan ng RKKE sa pagsusulong ng interes ng kabataan-estudyante at masang anakpawis. At sa pagkalubos ng kilusang pagwawasto at pagkokonsolida sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, higit na sisigla at lalakas ang RKKE.

Tungo rito, kinakailangang puspusang iwasto ang mga pagkakamali, paglihis at disoryentasyon ng RKKE nang mahigit isang dekada. Bagaman may paglawak na tinamo ang RKKE sa isang panahon, binatbat din ito ng mga kahinaan na dumiskaril sa takbo nito, puminsala sa RKKE, at nagwaldas sa mga tagumpay na inabot nito. Mahalagang ugatin ang mga pangyayaring ito at humalaw ng mga aral para sa pagpapanibagong sigla at lakas ng RKKE.

Tinatalakay sa ibaba ang mga kongklusyon at aral sa mahigit isang dekadang karanasan ng RKKE.



## "KILUSANG PAMPULITIKA" AT INSUREKSYUNISMONG LUNSOD

Tumampok ang mga kaliwang opotunistang pagkakamali na "kilusang pampulitika" at insureksyonismong lunsod . Putsismo ang katangian ng "pampulitikang kilusan", ang intensipikasyon ng kilusang masa at gasgasang mga pakikibakang masa. Noong mga huling taon ng 1980s, lalo na pagsapit ng 1990, tahasang sinukuban naman ang RKKE ng insureksyonismong lunsod. Ang mga ito ay naging sagabal sa ibayong pagsulong, sa proseso ay nagwaldas ng mga tagumpay sa bawat panahong may inabot, at sa kalaunan ay malakihang naminsala sa RKKE. Ang mga ito ay malinaw na sumasalamin sa disoryentasyon at pagluwag ng kapit sa linya't prinsipyo ng pambansa demokratikong rebolusyon.

a. Noong huling bahagi ng 1982-1983, bunga ng mabilis na pagsulong ng kilusang masa, maling idineklarang nasa antas pulitikal o "kilusang pampulitika" na ang RKKE. Maiiugnay din ito sa itinakda ng Partido na pampulitikang paghahanda ng mamamayan para sa tuwirang paglahok sa armadong pakikibaka at lampas na pagdidiin sa kilusang masa sa urban. Pinatindi at pinasinsin ng "pampulitikang kilusan" ang mga pakikibakang masa na hindi nakabatay sa aktuwal na kakayahan ng rebolusyonaryong kilusan at sumasandig sa isponyanyong kilos ng masa.

b. Pinakitid ng "pampulitikang kilusan" ang lahatang pagsusulong ng rebolusyonaryong mga tungkulin ng RKKE. Sa halip nagdiin ito sa pagpapakilos sa hayag ng islogang 'lansagin ang diktadurang EU-Marcos' at paglulunsad ng masinsin at gasgasang mga pakikibakang masa. Sinagasaan nito ang solidong pag-oorganisa at

pagpapalalim ng pag-ugat ng Partido sa sektor. Pinabayaan nito ang konsolidasyon sa IPO at itinutok ang diin sa mabilisang pagpapakilos sa masang KE na isinabak sa matataas at matitinding labanan. Sinagasaan nito ang kahit anumang limitadong - gawain para sa konsolidasyon at pagpapaunlad ng iba't ibang rebolusyonaryong tungkulin ng RKKE. Nagsimulang maramdaman ang paghina noong huling kuwarto ng 1984. Nawala ang momentum ng masiglang kilusang masa at sa mga sumunod na taon mabilis na itong humina.

k. Kagyat na epekto ng "pampulitikang kilusan" ang pagkitid ng saklaw at ugnay sa masang KE na naipupundar na. Natutok na ang pansin sa LPO bilang magtataas sa KKE. Nabitawan ang mga alyansa at mga tradisyonal na organisasyon at samahan ng mga estudyante. Kinaligtaan ang pagbubuo at pagpapalakas ng Partido bilang bag-as at ang konsolidasyon ng kilusang lihim. Ang kumitid na baseng masa at kilusang masa, na wala pang sapat na kilusang lihim, ay isinabak sa pagpapatindi ng mga pakikibakang masa. Ginawa itong "mitsa" sa pagpapatindi ng kilusang masa sa kalunsuran at itinutok sa sa pagpapabagsak ng diktadura. Tumindi ang pagsamba sa intensipikasyon ng kilusang masa, na kahit sa panahong kumakarag-karag at humihina na ito noong ikalawang hati ng dekada 1980, ay patuloy pa ring nakapokus sa pagpapatindi, pagpapalawak at pagtataas ng antas ng pakikibakang masa. Kaalinsabay nito'y hindi sapat na nabibigyan ng pansin ang mga gawain sa konsolidasyon ng rebolusyonaryong kilusan.

d. Ang pagbuwelo mismo ng RKKE mula 1988 ay agad ding nawaldas ng pagpapatindi ng kilusang masa, gasgasang mga pakikibakang masa at ng insureksyonismong lunsod. Partikular sa MRYS mula 1989 hanggang 1992, komprehensibong diniskaril at binaklas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang rebolusyonaryong kilusan para ipihit sa insureksyunista at pol-mil na pakikibaka. Noong 1992 halos nadurog ang rebolusyonaryong kilusan sa MRYS ng lumagapak sa lupa at mabigo ang insureksyunistang bugso ng dating KRMR.

## "PARTIKULARISMO" NG SEKTOR

Kakambal ng mga pagkakamaling putsismo at insureksyonismong lunsod ang hindi matatag na pagbubuo at pagpapalakas sa RKKE. Katunayan bago pa pumasok sa malakas na anti-pasistang pakikibaka noong 1983, may paglabnaw na sa lahatang panig na pagpapalakas at pagkokonsolida sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Habang sa isang banda ay nagmamadali at may aktuwal na pagtatangkang itaas ang antas ng RKKE at paputukin ang direktang kumprontasyon sa diktadura, sa kabilang banda naman ay hindi maunlad ang konsepto at praktika ng konsolidasyon. Ang mga pagpinsala nito sa sarili (self inflicted wounds) na resulta ng kaliwa't kanang oportunistang mga pagkakamali at disoryentasyon ay pinakamalaki sa buong kasaysayan ng RKKE.

Hindi napaunlad ang iba't ibang rebolusyonaryong tungkulin ng RKKE. Sa simula pa lamang ay nakapokus na ito sa pagpapaputok ng demokratikong kilusang protesta para sa mga partikular na kahilingan at suliranin ng estudyante. Magkagayunman, hindi lubos na nakonsolida at nagamit ang mga pagsulong at tagumpay para sa paghahabol o pagpapaunlad ng iba pang mga rebolusyonaryong kungkulin ng RKKE. Hindi nakatuntong ang pagsigla at pagsulong ng kilusang masa sa lahatang panig na lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon . Bagamat patuloy na nailunsad ang mobilisasyon ng KE sa mga aksyong masa, kalakhan ay mga pagkilos ito sa isyung pang-estudyante at sa pormang boykot. Sa katunayan kahit maliit na grupo o mula lamang sa ilang paaralan ang mobilisasyon ay puwedeng ideklarang tagumpay. Sa mga anti-pasistang mobilisasyon nang 1983-1984 ay malakas na salik ang ispontayong kilos ng masa sa sektor at hindi nakasandig at batay sa lakas ng rebolusyonaryong kilusan. Katunayan, kahit ang ating mga panawagan ay hindi naayon sa panlipunang balangkas at may hatak ang pulitika't panawagan ng burgesya.

Bagaman sumigla at lumakas ang anti-pasistang kampanya at pakikibakang masa ng RKKE, hindi naman ito mula sa punto de bista ng makauring proletaryadong paninindigan kundi ng liberal na burgis. Isang masiglang anti-pasistang pakikibaka na hindi naitataas sa anti-imperyalistang pakikibaka at naiuugnay sa anti-pyudal at armadong pakikibaka sa kanayunan. Palasak pang naipakahulugan ang islogang 'lansagin ang USMD' kumakatawan na sa komprehensibong kilusang masa sa sektor. Kaya din naman nang mawala sa poder ang diktadurang Marcos ay may pag-aakalang nabago na o naging malaking usapin ang porma ng paghahari sa bansa . Kasabay nito ang pag-asa o pagpapalaki ng deklarasyon sa pagbabalik ng mga demokratikong karapatan.

May paglabnaw, kundi man ay may pagluwag sa pagtataguyod sa interes ng masang anakpawis at pamumuno ng uring proletaryado. Naging tampok ang populismo na ruta ng pagsusulong ng RKKE. Sa paghahabol ng maiksing daan para pakilusin ang masang KE nagkakasya na lamang sa isang "masaklaw" na pagkakaisa o posisyon at hindi batay sa interes ng mga uri. Ilan dito ang sumusunod: pagkatali sa anti-pasistang pagkakaisa sa mga alyansa, pagkitid ng gawaing alyansa sa mga pampulitikang puwersa na mga anti-komunista at kumakatawan sa uring burgis, ang oportunistang pagdadala ng anti-TF na kampanya, o pagkakaisa sa isyu at kahilingan ng walang pambansa demokratikong balangkas.

Noong 1986-1987 lumala sa NYSD ang mga sariling pagluwag at maling pagsusuri sa kalagayan ng hindi nakabatay sa linya sa uri. Malaki ang impluwensya ng *Line of March* sa pagpasok sa RKKE ng mga ideya at linyang umaatake sa MZD, sa istratehiya ng digmang bayan at sa pagkilala sa USSR bilang sosyalistang bansa.

Sa karanasan ang pagkukulang sa gawaing konsolidasyon ay tumagos mula simula hanggang huli ng mga panahong saklaw ng paglalagom. Relatibong sumulong at lumawak ang RKKE sa bawat panahon, ngunit mula dito ay di nakonsolida, di nasustini at di naging matatag na tuntungan paglawak at paglakas. Kapag may inabot ng lawak ang konsolidasyon ay nauuwi ito sa pagpapatindi ng kilusang masa o pagsuong sa intensipikasyon at gasgasang aksyong masa. Ang resulta ay pagwaldas ng anumang inilawak at isinulong. Ganito ang padron gaya sa mga panahong 1980-1984 at 1988-1992. Ganito din bago pa ito sa mga taong 1975-1978.

Sukatan ng isang malusog at pagiging rebolusyonaryo ng kilusan ng KE ang pag-ugnay at pagtataguyod nito sa interes at pakikibaka ng masang manggagawa at magsasaka. Sa lahat ng pagkakataon dapat manindigan sa punto de bista ng masang anakpawis. Nangangahulugan itong ang gawaing propaganda-edukasyon at pag-oorganisa ng KE para sa pambansa demokratikong rebolusyon ay naisasabuhay sa pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masang anakpawis sa rebolusyon. Ang mga rebolusyonaryong puwersa na KE ay dapat tumungo at aktuwal na lumahok sa buhay at pakikibaka ng masa at sa armadong pakikibaka ng mamamayan sa kanayunan.

Salungat dito ang 'partikularismo' ng RKKE, na naninindigan lamang mula sa panloob na interes at pananaw ng sektor. Isinusulong ang mga gawain at pumupusisyon sa mga isyung pampulitika at pambayan batay sa panloob na paninindigan ng sektor. Tuloy naipapalaganap ang mga pagsusuri't panawagan nang hindi malalim na nauunawaan ang kalagayan ng masa at hindi rin naman lumalahok sa gawaing masa sa hanay nila. Ang mga kadre't aktibista, ang mga kampanya at mobilisasyon, ang gawaing propaganda at edukasyon ay naburo at makitid na isinulong para sa pangangailangan ng sektoral

na kilusan.

Ang partikularismong sektoral na ito ay naging sagka sa mahigpit na pagtalima sa linya sa uri ng Partido. Sa pagpapaunlad ng RKKE, hindi nasapol na esensyal ang paninindigan at aktuwal na pagtataguyod ng mga tungkulin sa pag-oorganisa sa masang manggagawa at magsasaka. Ang pagtataguyod ng pambansa demokratikong linya ay hindi abstraktong gawain, kundi sa aktuwal ay nagtataguyod ng batayang interes at kahilingan ng masang anakpawis. Ang partikularismong sektoral ay nagpalakas pa ng paninindigang petiburgis ng masang KE, na noong gitna ng dekada otsenta ay madaling nahatak ng linya at panawagan ng malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa. Ang linyang popdem na nakatuntong sa pagtatanghal sa mga pormal na demokratikong proseso at pagpapailalim sa rehimeng Aquino na itinuring na "kaalyado" ng mamamayan ay tahasang pagbuntot na sa burgesya.

## MALING PAG-UNAWA SA PDKP

Sa isang antas ay matagumpay na isinulong ng RKKE ang pambansa demokratikong kilusang propaganda (PDKP). Ang masang estudyante ay inorganisa at napakilos para sa pagpapalaganap ng linya ng pambansang demokrasya at ng mga pagsusuri at panawagan sa ibat ibang mga pampulitika at pambayang isyu at usapin.

**Sa isang antas ay matagumpay na isinulong ng RKKE ang pambansa demokratikong kilusang propaganda (PDKP).**

Sa isang antas naging katulong ng Partido ang RKKE sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong propaganda sa buong bansa.

Gayunman, malaki ang kakapusan at pagkakamali sa naging pag-unawa at praktikang PDKP sa sektor. Abtraksto ang propagandang pambansa demokratiko o maging ang propaganda laban sa diktadurang EU-Marcos at mga isyung pambayan at pampulitika. Hindi malinaw na naipapakita ang rebolusyonaryong makauring paninindigan, na ito ay interes at laban pangunahin ng anakpawis. Bukod pa, sadyang makitid ang inabot sa paglilinaw at pagpapalaganap ng linyang pambansa demokratiko at MLKMZ. Malala pa, ng pumasok ang mga disoryentasyon at paglihis, nagsilbi at ginamit ang PDKP sa pagsusulong ng mga putsistang pakikibakang masa, mitsa ng matinding kilusang masa sa urban ,at balangkas ng insureksyonismong lunsod. Mayroon ding pagkakamaling wala ng PDKP at natapos na ito noong FQS-1970 o kaya'y hindi na ito mahalagang gawain ng KE. Ang mga ito ay nagpapalakas pa ng petiburgesyang tendensya ng mga estudyante.

Noong 1970-1972 ay nasa unahan at taliba ng kilusang propaganda ang estudyante. Ngayon ay maunlad na ang rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng manggagawa at magsasaka. Kayat hindi na solo ng KE ang PDKP. Ito ay mahigpit na nakaugnay sa pakikibaka ng batayang masa- sa kalagayan, suliranin at pakikibaka ng manggagawa at magsasaka. Ang PDKP ay buhay at direktang pumupukaw, nagpapakilos at nag-oorganisa ng masang anakpawis para sa rebolusyon. Ang PDKP ay magpapatuloy hanggang matapos ang demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ang paglitaw ng sektoral na kilusang nakaibabaw sa mga uri ay bunga ng makaisang panig na pagpapalaki sa mga positibong katangian ng sektor ng estudyante at ng uring petiburges, samantalang hindi sapat at wastong kinikilala ang mga kahinaan at negatibong katangian nito. Ang ganito ay nagbunga din ng arogansya sa sektoral na kilusan.

Wala talagang mabubuong rebolusyonaryong kilusan sa sektor kung pababayaan at lalayo sa kilusan at pakikibaka ng mga manggagawa at magsasaka. Hindi lamang sa salita at pahayag, kailangan ang aktuwal na integrasyon at pakikipamuhay sa hanay nila. Noong 1982, natigil na ang pagpunta't pagsuporta sa mga welga't piket ng manggagawa at pagpapadala ng mga puwersa sa kanayunan. Maliban sa kakitiran ng rebolusyonaryong propaganda ng sektor, itoy hango sa abstraktong kaalaman at mga istadistika at hindi sa kaalaman o napatunayan mula sa direktang karanasan sa integrasyon sa batayang masa.

Bunga ng "kilusang pampulitika", insureksyonistang urban na linya at mga kanang oportunistang pagkakamali, ang sumulong ang RKKE ay naburo para sa pangangailangan ng sariling kilusan. Sa balangkas ng pambansa demokratikong kilusang propaganda, ang rebolusyonaryong edukasyon at ang pagpapasulpot ng maraming mga kadre't aktibistang kabataan ay kailangang direktang nagsisilbi sa pagpupukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa sa masang manggagawa at magsasaka. Pagkakamali din ang naging kagawian na ang integrasyon at ang tungkuling pagbuo ng mahigpit n augnayan sa batayang masa ay para lamang sa mga rebolusyonaryong puwersa. Sa mga batayang yunit ng Partido at mga organisasyong masa ay walang malinaw na panawagan at sistema sa pagpapatungo sa mga pabrika, komunidad at kanayunan ng mga estudyante para sa iba't ibang gawain batay sa kahandaan at kakayahan.

## BUHAGHAG NA PAG-ORGANISA

Wastong nagamit at mabilis na lumawak ang RKKE sa pagputok ng mga kampanya at protesta noong unang mga taon ng dekada otsenta. Higit na nakapaglatag at nakapuwesto ang rebolusyonaryong kilusan sa KE. Inabot ang maraming mga organisasyon at nakapagbuo ng mga alyansa sa maraming bilang ng paaralan. Nagsimulang lumawak ang mga aktibista at organisasyong masa ng KM at nabuo ang hayag na organisasyong masa. Sumigla ang pag-rerekluta ng mga bagong kasapi ng Partido at nagsimulang mabuo ang mga batayang yunit nito.

Ngunit sa pagpihit at arangkada ng "pampulitikang kilusan" natambad ang kabuhaghagan ng inorganisang kilusang masa, at mabilis ding nalagas. Noong mga unang taon ng dekada otsenta lumitaw ang PPO (pangkat pampropaganda at pang-organisa) bilang pamamaraan ng pag-oorganisa sa sektor. Hangad ng PPO na mabilis na makapag-organisa makapagpagpalawak sa hanay ng abanteng masa ngunit walang kaakibat na pagpapaunlad sa ideolohiya, politika at organisasyon. Sa unang bersyon nito ay pag-aayos sa mas hindi pirming mga pamamaran bago ito, ngunit sa kabilang banda, sumalungat ang PPO sa pamamaraan at prinsipyo ng solidong pag-oorganisang GPE-KPE, lalo na sa bersyon ng PPO simula 1982. Sa halip, ang naging pagpupundar ng lakas ay sa pamamagitan ng masaklaw ngunit pawalis na pag-ugnay sa mga ligal na organisasyon, pagtatayo ng maliit na rebolusyonaryong kuwerpo at malabnaw na organisasyong masa.

Ang PPO ay mas pangkat na lamang para sa pawalis na propaganda at ahitasyon para sa mga kampanyang masa. Kasabay nito, sa kadahilanan ngang walang pagpapalakas, dumami ang mga PPO na hindi nabubuo, kundi man ilan na lamang sa kasapian nito ang aktibo. Wala itong mahigpit na nabuong ugnay sa masang estudyante, maliban lamang sa

target nitong reklutahin sa KM. Kaya't malakas ang mentalidad ng 'barkadahan' at sa pagitan ng mga kampanyang masa ay nakaipon sa kanilang tambayan. Naging dagdag na pormasyon ang grupong bag-as o GB, na tinawag na espesyal na PPO. Mula sa dating saklaw ng PPO, binuo ang GB sa loob at pamunuan ng mga ligal na organisasyon. Sa unang tingin ay mas sumasaklaw at nasisistimatisa ang pag-oorganisa sa mga organisasyon, ngunit ito ay nangahulugan ng higit na paglutang sa masang estudyante. Sa GB sinaklaw lamang nito ang pamunuan at wala itong gawaing pag-oorganisa sa masang kasapian.

Malaking pihit at distorsyon pa sa prinsipyo ng solidong pag-oorganisa nang ang PPO ay maging isang pamamaraan ng pagbubuo ng organisasyon at maging batayang sangkap na yunit na lamang ng balangay ng KM. Ang nangyari'y kumitid na lamang sa KM, isang lihim na organisasyon, ang pagkokonsolida ng malawak na abanteng masang estudyante.

Lumitaw sa KM ang likidasyonismo ng Partido. Ipinihit sa pagbubuo ng balangay ng KM ang diin kaysa sa pagbubuo ng batayang yunit ng Partido. Kaakibat ng pambansang Kongreso ng KM noong 1984 ay ang likidasyonistang oryentasyon na KM ang gulugod at pinuno ng RKKE na hiwalay sa Partido at ang pormulang saklaw lamang ng pamumuno ng Partido ang ideolohiya at organisasyon at pabayaan na sa KM ang pamumunong pulitika. Ang KM ay pinamumunuan ng Partido at bahagi ng kilusang lihim. Direktang katulong ng Partido ang KM sa mga rebolusyonaryong gawain nito at may IPO pagpapaunlad ng pamumuno nito sa KM.

Nawala sa solidong pag-oorganisa ang pang-ideolohiya at pampulitikang edukasyon sa masang estudyante. Kapwa hindi nagpalaganap ng pag-aaral para sa pambansa-demokratikong linya at sa mga prinsipyo ng MLKMZ ang mga rebolusyonaryong organisasyon at mga hayag na pambansa demokratikong organisasyon ng masa. Sa pagkokonsolida ng mga abanteng masa hindi nalubos ang pagkakatayo ng SLPO (sektoral na legal na pampulitikang organisasyon). Hindi ito naging maunlad na pambansa demokratikong organisasyong masa. Wasto ang pagbubuo ng mga organisasyong masa. Ngunit may panahong maling pumaling sa makaisang panig na pagbibigay ng pansin sa SLPO simula noong 1983 at sumunod sa pagbubuo ng mga LPO noong kumpas ng "pampulitikang kilusan". Napabayaan at nabitawan ang may kasaklawan na ding inabot ng pag-oorganisa sa mga tradisyonal na organisasyon at mga alyansa.

Hindi naunawaan na mahalaga ang mga organisasyong masa para sa solidong pag-oorganisa at pagpapalakas ng RKKE. May sariling halaga at dapat hindi mapabayaan ang ang mga tradisyonal na organisasyon. Sa paglakas ng organisasyong masa kailangan ang malawak na kasapian. Para maabot ang maraming bilang ng mga organisasyon, kailangan din ang katumbas na pag-unlad ng rebolusyonaryong kuwerpo sa loob nito. Kung wala nito, hindi rin lalawak ang mga organisasyong ito.

Sa pagbubuo ng RKKE kailangan na makabig ang masang estudyante sa paraang nabubuo ang kanilang solidong lakas para sa rebolusyonaryong pakikibaka. Ang rebolusyonaryong kilusan sa nakaraan ay makaisang panig na tumutok sa paglulunsad ng mga kampanya at mobilisasyong masa, sa mga pawalis na propaganda sa mga isyu at bahagya na lamang makapag-organisa. Hindi napalakas at napaunlad ng Partido ang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisayon nitong pamumuno sa kilusang masa. Walang ginawang rebolusyonaryong propaganda at edukasyon, naging pawalis at buhaghag ang pag-ooranisa ng mga organisasyong masa, hindi nabuo ang mahigpit na ugnayan sa batayang masa, at hindi nabuo ang mga sangay na may malawak na kasapian at konsolidado sa IPO.

Kahit sa simula pa lamang ng pagsusulong ng kilusang masa mahalaga na ito ay nakabalangkas sa lahatang panig na pagsusulong ng mga rebolusyonaryong tungkulin. Bagamat batay sa aktuwal na kalagayan, tulad noong 1980-1981, wastong naisulong ang protesta para sa demokratikong reporma at nangailangan ng malaking pansin mula sa mga rebolusyonaryong puwersa. Ngunit nang sumulong at makapuwesto na, hindi nakapaglaan ng panahon para makapagkonsolida ang rebolusyonaryong puwersa. Ang mga tagumpay ay hindi ginamit o idinirekta para sa pagsusulong ng iba pang tungkulin ng sektoral na kilusan. Hindi naihulma at naisulong sa balangkas ng pagpapaunlad ng pambansa demokratikong kilusang propaganda.

**Sa isang antas naging katulong ng partido ang RKKE sa pagpapalaganap ng rebolusyong propaganda sa buong bansa.**

## DI MALUSOG NA PARTIDO

Naitayo sa rebolusyonaryong sektoral na kilusan ang organisasyon ng Partido na mas malawak at maunlad kaysa sa inabot noong ikalawang hati ng nakaraang dekada 70. Sa mga sektoral na organisasyon nabuo ang mga pambansang grupo ng Partido at mga sangay, sa halos lahat ng malalaking kolehiyo't unibersidad sa NCR nasa antas seksyon. Sa sentro ng organisasyon ng Partido sa sektoral na kilusan ay ang NYSD, na nakapagpatuloy at nakaagapay sa apat na mayor na palitan ng mga kagawad nito.

Ang antas na inabot at lawak nito ang tumayong bag-as ng kilusang masa sa sektor. Ang organisasyon ng Partido ang dahilan ng sa bawat paghina ng RKKE bunga ng mga pinsala at pagkakawaldas ay nakapagtitiis, nakapag-aayos at muling nakapagpapalakas. Ang Partido at ang pinamumunuan nitong mga rebolusyonaryong aktibistang masa ang tumayong kilusang lihim at nagsilbing gulugod ng hayag na mga organisasyon at kilusang masa.

Hindi ligtas sa mga kamalian at pag-iral ng hindi malusog na gawi ang mga kadre at kasapi ng Partido sa nakaraan. Kailangang punahin at iwasto ang mga ito. Madalas umiral ang sakit na burukratismo. Tampok ang pagbababa na lamang mula sa nakatataas na organo ng plano at kota't target ng hindi malalimang napag-aaralan ang kalagayan sa mga batayang yunit. Sa mas malala pang kaso kaugnay ng kampanyang masa maraming pagkakataon na may pagtutol na ang mga kadre ay binabale wala parin ng isa lamang yunit-istap sa kampanya. Malaganap ang istilong sistemang 'PO'. Sa marami ding kaso maging ang mga kalihim ng batayang yunit ng Partido ay may istilo ng 'pamumuno' na parang 'PO'. Sa mahabang panahon din, sa antas NYSD ay naging kalakaran ang pagbubuo ng mga istap na nagkonsentra ng malaking bilang ng mga kasapi ng Partido na hiwalay sa gawaing masa at may dagdag na andana ng pangangasiwa.

May mga kaso din ng ultrademokrasya, liberalismo at paksyonalismo. Sa NYSD ng mga taong 1985-1987, bumaha ang mga pahayag na

salungat sa mga patakaran at desisyon ng Partido, mga debate at 'pulong' labas sa mga regular na yunit o organo, mga kaso ng pag-ikot sa patakaran at pananamlay sa pagpapatupad ng mga tungkulin dito. Marami ring kaso ng indibidwal o ilang kadre sa mga sangay na naglulubid ng mga puna sa kanilang pamunuan at kadalasan ay sumasalungat sa mga plano, kahit natalakay at napag-aralan na ang mga ito. Sa kaso pa ng UP at PUP ay ginamit na panalag ang organisasyyon ng KM para higit na maikutan at madebate ang mga desisyon ng pamunuan dito at sa huli din ay tumungo sa paksyonalismo. Sa RYSB ay lumakas ang 'awtonomismo', walang katapusang debate't pagtutol at paglikha ng sariling sektoral na dinamismo hanggang tuluyang nauwi sa pagpapaksyon. Malalim ang sakit ng liberalismo sa pagdalo sa pulong. Pangkaraniwan sa marami-raming elemento ang pagkahuli ng isa o dalawang oras sa pulong, kahit ilang beses nang napuna.

Hindi naging masigla ang pakikisalamuha at pag-aaral ng mga kadre at kasapian ng Partido mula sa batayang masa. Ito at ang kawalan ng gawain sa ideolohiya at teoretikal na pag-aaral ay nagsuhay sa paglakas ng mga petiburgis na mga pagkakamali at kahinaan. Dagdag pa, higit na naging matalim ang impluwensya ng mga mali at burgis na ideya at linya sa organisasyon. Imbes na paliwanagan at kumbinsihin, pagpapabaya na lamang ang umiral na kalakaran sa mga elemento ng Partido na masigasig na nag-aaral sa burgis na paaralan at ang layunin ay makakuha ng diploma, huwag ng banggitin pang pagkumbinsi upang kumilos ng buong panahon. Kung hindi kayang makapagpatuloy ng pagkilos o may mga suliranin dito, lumaganap naman ang kamulatan na kumilos sa mga burgis na institusyon. May panahong umiral na wala na talagang gustong kumilos sa hanay ng manggagawa at magsasaka at tumungo sa kanayunan.

Hindi naisasabuhay ang lahatang panig na buhay pampartido sa batayang yunit. Nangabuo ang mga batayang yunit na hindi konsolidado sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa balangkas ng pagbubuo makaisang panig na malawig ang mga tungkulin sa pulitika, partikular pa ang aspetong hayag na kilusang masa. Sa ideolohiya ay nangahulugan na lamang ng pag-aaral sa BKP. Sa organisasyon naman ay ang pagrerekluta ng bagong kasapi tuwing bago magtapos ang semestre. Isang tampok na resulta nito ay mga sangay na maliliit ang kasapian. Pag naitayo na ito halos ang kasunod na paglawak ay pagmimintina lamang ng inabot na laki at pamalit sa mga hindi na naging aktibo. Dulot na rin ito ng suliranin sa solidong pag-oorganisa ng mga batayang yunit, partikular sa maliliit na organisasyong masa, at kawalan ng pang-ideolohiya at pampulitikang mga edukasyon sa masang aktibista.

Sa pagkakabuo ng mga sangay, kasabay na lumalaki ang mga yunit at kadalasan ay nabubuo ang mga balangay ng KM. Sa ganitong yugto, kalakhan ng kasapian nito ay nagiging administrador at ang mga pinakasulong ay kadalasan timlider ng GB at kampanyang masa. Ilan lamang na KM ang aktuwal na gumagampan ng pag-oorganisa. Maliban sa pinakitid pa ng PPO ang pag-oorganisa, kinompetensya pa nito ang pamumuno ng sangay sa mga balangay ng KM.

## ELITISMO SA EDUKASYON

Para sa sektoral na kilusan na naglalayong magpalakas at magsulong ng pambansa demokratikong kilusang propaganda, esensyal ang masiglang rebolusyonaryong propaganda at edukasyon. Mahalaga ang kaalamang pambansa demokratikong linya at MLKMZ sa masang KE para sa pagrerebolusyonisa sa kanila. Sa nakaraan walang pagsusumikap na isagawa ito. Itinali ang rebolusyonaryong propaganda natin sa pagpapalaganap ng islogan, sa mga pambansa demokratikong pagsusuri't paninindigan sa mga tampok na isyung sektoral at pambayan at sa mga pawalis na paraan.

Malubha ang elitismo sa gawaing edukasyon. Ang komprehensibong pag-aaral sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino ay para sa mga kasapian lamang ng KM. Ang pag-aaral sa mga batayang prinsipyo ng MLKMZ ay para sa mga kasapi lamang ng Partido. Bukod sa kasalatan, ang mga rebolusyonaryong materyal para sa pag-aaral ay lumalaganap lamang sa hanay ng mga rebolusyonaryong puwersa. Ang mga aktibista o ang mga yunit sa kilusang lihim ay walang mga binubuong grupong pag-aaral sa hanay ng estudyante. Sa nakaraan, ang pagpapabaya sa rebolusyonaryong edukasyon ay mayor na sangkap ng suliranin sa konsolidasyon.

Mahalaga para sa masiglang edukasyon sa masa ang katumbas na sigla at lusog na gawaing ideolohiya at pampulitikang pag-aaral sa hanay ng kasapian ng Partido. Mahalaga ang papel ng mga sangay ng Partido sa sistimatiko at tuluy-tuloy na pamamaraan ng pagpapalaganap ng rebolusyonaryong edukasyon. Kaalinsabay, kailangang iwasto at pasiglahin ang nakaraang pagkaligta sa pakikisalamuha at integrasyon sa mga manggagawa at magsasaka. Sa ganito, higit na napapayaman at nagiging konkreto ang mga teoretikal na kaalaman at mga propaganda't panawagan ng sektoral na kilusang KE.

## *ILANG PARTIKULAR NA USAPIN AT KARANASAN*

Wastong pagdadala ng laban at kahilingan. Matagumpay ang demokratikong protesta para sa reporma noong 1980-1982. Ang pagdadala o paglalapit nito sa rebolusyonaryong landas ay masasalamin sa pagpapatagos ng pambansa demokratikong linya't pagsusuri at mga panawagan sa mga isyu't suliraning kinakaharap ng masang mag-aaral.

Sa paglalapat ng pambansa demokratikong linya malinaw na inilahad na ang kolonyal, komersyalisado, pyudal at pasistang sistemang pang-edukasyon ay repleksyon ng isang mapang-api at atrasadong lipunang malakolonyal at malapyudal. Para sa isang tunay na pagbabago sa sistema ng edukasyon, kailangang makiisa at sumama ang sektoral na kilusan sa mas malawak na kilusan ng mamamayan para sa isang radikal na pagbabago sa sistemang panlipunan.

Nalantad ang papel ng imperyalistang EU at papet na rehimeng Marcos sa pagpapanatili ng kasalukuyang bulok na sistema ng edukasyon. Malawakang dinala ng kilusang protesta ang islogang " Lansagin ang Diktadurang EU-Marcos".

Isa pang importanteng hakbang sa pagtataas ng kamulatan ng sektor ay ang paglulunsad ng mga pagkilos, lalo na ang malakihang rali at demonstrasyon sa lansangan labas ng paaralan, kasabay noon ng malawakang pagpapalaganap ng kilusang boykot. Sa paglahok ng sektor sa mga mobilisasyon at demonstrasyon sa labas ng paaralan o lansangan, tumataas ang pagpapahalaga sa mas malawak at mas organisadong pagkakaisa at pagkikipaglaban para sa iisang kahilingan. Kasabay nito ang pagpapahalaga sa mas masaklaw at organisadong pakikiisa sa mga manggagawa at iba pang sektor para sa mas epektibong pakikitunggali sa reaksyonaryong rehimen. Ang atake at panunupil ng mga pasistang tropang militar at pulisya ay nagtuturo kung sino ang tunay na kalaban ng mamamayan, na ang kasalukuyang estado ay reaksyonaryo at marahas.

Ang wastong pagdadala ng mga laban at kahilingan ng masang estudyante ay mahalagang salik sa paglaban at paghihiwalay sa mga reaksyonaryo't anti-komunistang pampulitikang puwersa, gaya ng sosyal demokrata at Lava mula 1980, popdem at ideolohiyang Pilipino mula 1985, at insureksyonistang linya ng RYSB nitong huli, sa loob ng masang estudyante. Tunggalian

ito ng rebolusyonaryong linya at paninidigan laban sa linyang repormista at burgis.

Mga pagkakamali at maling kaisipan.

(a) Mula huling bahagi ng 1981, may mga maling kaisipan at konseptong lumaganap na maiuugnay sa programa ng abanteng sub-yugto ng estratehikong depensiba. Partikular dito ang pampulitikang paghahanda ng mamamayan para sa paglahok sa rebolusyon at ang makaisang panig na pagpapahalaga sa gawain sa urban. Sinundan pa ito lalo na mula 1985, sa pamamagitan ng institusyon sa edukasyon sa KE na naging pugad ng popdemismo at ibat ibang mga anti-komunistang mga babasahin.

· Natatanaw na ang tagumpay ng rebolusyon sa malapit na hinaharap. Sa pamamagitan ng SCO, mabilis na tutungo ang digmang bayan sa estratehikong pagkakapatas at opensiba. Katunayan diumano ang pangunahing kailangan na lamang ay ang malalakas na baril o armas at bala.

· Hindi na kailangan ang mag-CS o tumungo sa kanayunan. Kaya na at marami nang mga lokal na rebolusyonaryong puwersa ang handang sumapi sa NPA. Katunayan baril na ang hinihintay.

· Nananatiling suliranin ang pyudalismo, ngunit kung ito ay batayang suliranin ay kailangang pag-aralan na. Malaki na ang pagbabago sa lipunan at sa kanayunan. At gayundin malaki na ang pagbabago sa populasyon, lumaki na ang manggagawa at lumiit na ang magsasaka.

· Kailangang muling pag-aralan kung rebisyunista nga ba o hindi ang Rusya at mga bansa sa silangang Europa

(b) Mula sa hayag na porum ng ibat ibang mga organisasyon para sa pagtalakay ng mga plano't panawagan sa kampanya, pormal na nabuo ang Koalisyon noong 1984 na magsisilbing mas masaklaw na sentro ng estudyante.

Bilang sentro, magiging alyansa o pederasyon ito para sa ibat ibang sektoral na organisasyon ng mga pambansa demokrata at organisasyong ng ibang pampulitikang puwersa at mga tradisyonal na organisasyon sa mga paaralan. Ang Koalisyon ang ikinakasang tagapaghayag ng nagkakaisang paninindigan at koordinasyon ng pagkilos sa sektor. Ngunit sa panahon ng 1985 at 1986 ay naging larangan ang Koalisyon ng tunggalian at biyakan sa pagitan ng mga pambansa demokratikong puwersa at iba't ibang pampulitikang puwersa na pumaloob dito. Hanggang sa nawasak na ito.

Mali ang konsepto ng pagpasok at pagbubuo ng Koalisyon. Itinuring na progresibo ang sosyal demokrata, BISIG at iba pang personalidad sa sektor, at minaliit ang mga batayang katangian nitong mga anti-komunista at kontra-rebolusyon. Bahagi na ito ng mga kanang oportunistang kamalian ng linyang popdemista at populismo. Katunayan nawala o napahina nang malaki ang sariling inisyatiba ng SLPO. Nawala ang sentrong katangian nito sa hayag, bagkus ay nagkasya na lamang na kumilos at "magpaunlad" ng pagkakaisa sa loob ng Koalisyon. Sa esensya ay namamaybay ito sa paglikida ng pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan sa sektor na kilusang masa.

(k) Sa UP naman noong 1985 ay nagkaroon ng linyang repormista at lokalista. Dalawahang mukha ng pagkakamali sa pagsusulong ng lokal na kilusang masa. Sa panahong ito, nagpasya ang sangay na mas pagdiinan ang pagdadala ng mga lokal na isyu at ang pagdadala nito ay nasa lokal na balangkas. Ibig sabihin ay minaliit ang usapin ng mga isyung pampulitika at pambayan. Sa mga lokal na isyu ay minaliit naman ang responsibiliidad ng estado at ang pagpoprotesta ay sa loob lamang ng pamantasan.

Lumikha ang sangay para dito ng batayang "ito ang antas ng kamulatan ng masa sa UP". Mali ang ganitong pagsusuri. Mas wasto ang pagkilalang may abante, panggitna at nahuhuling bahagi sa hanay ng mga estudyante at batay dito paano aktuwal na pinakikitunguhan ng estudyante ang isyu ng pagtaas ng matrikula. Higit pa, dahil sa internal na kahinaan sa organisasyon ng sangay, nalilito at tumatalab na ang mga mali at repormistang linya at panawagan ng ibang mga petiburgis at burgis na mga pampulitikang puwersa.

***Gawaing internasyunal.*** Ang demokratikong hayag na kilusang masa sa pamumuno ng mga rebolusyonaryong puwersa sa bansa ay hinangaan at sinuportahan ng iba't ibang organisasyon ng kabataan at estudyante mula sa ibang bansa. Sa pagkakabuo at paglakas ng mga pambansang sektoral na mga organisasyon at alyansa, nailatag na rin ang mga sangkap para sa isang sistematiko at tuloy-tuloy na gawaing pang-internasyonal sa sektor.

Katunayan, nakapagbuo ang SLPO ng pakikipag-ugnayan sa maraming katapat na organisasyon sa ibang bansa. Noong 1981 ay pormal na tinanggap ang pagsapi nito sa isang asosasyon ng mga samahang pang-estudyante sa buong Asya. Gayon din, ang LPO-KK ay patuloy na nakapagmimintina at nakakapagpalakas ng ugnayan sa iba't ibang samahan at institusyon sa ibang bansa.

Sa gawaing internasyonal, binibigyan ng malaking pansin ang pagkuha ng tulong at suporta hindi lamang para sa rebolusyonaryong kilusan ng KE, kundi para sa buong demokratikong rebolusyon ng bayan. Kaugnay nito, mahalaga ang napapanahong mga gawaing propaganda para sa rebolusyonaryong kilusan at koresponsal sa mga kaugnayang samahan o organisasyon. Sa kabilang banda, tungkulin natin ang kaukulang pagtulong at pagsuporta sa kanilang mga progresibo o rebolusyonaryong gawain o kilusan. Bagamat kaugnay nito, ang pagwawagi ng rebolusyonaryong kilusan sa bansa ay malaking ambag sa kilusan sa iba't ibang bansa na lumalaban sa imperyalismo at mga lokal nitong naghaharing rehimen at nagsusulong ng mapagpalayang kilusan.

***Mga alyansa.*** Masaklaw ang pag-oorganisa ng mga sektoral na Alyansa ng Manunulat at ang Alyansa ng Konseho. Patuloy na dumadami ang mga naitatayong konseho ng mag-aaral sa mga paaralan sa buong bansa. Batay dito hakbang hakbang na binuo ang Alyansa sa Konseho. Panimulang nabuo ito na konsentrado ang kasapian mula sa NCR, bagamat may ilan nang mga kasapi din mula sa ibang siyudad. Aktibong naging kabahagi na ito ng mga kamapanyang masa simula ng ikalawang hati ng 1983. Noong Oktubre, 1985, sa pamamagitan ng Pambansang Konsultasyon ng mga Lider Estudyante, ipinanawagan na ang pangangailangang pormal na pagbubuo ng Alyansa ng Konseho sa pambansang antas. Ang Alyansa ng Konseho ay matatag at malawak na nabuo sa pambansang saklaw noong 1987.

Binuklod ang mga konseho upang higit na maging epektibong instrumento ng masang estudyante sa pagtataguyod ng kanilang interes at ng mamamayan. Sa pamamagitan ng Alyansa sa Konseho, napahigpit ang ugnayan at pagkakaisa, naitaas ang kamulatang pampulitika at nadireksyonan ang inisyatiba ng hiwa-hiwalay na mga konseho ng mag-aaral sa bawat paaralan sa bansa. May mahalagang papel din ang Alyansa sa Konseho sa paglilinang at pagsasanay ng mga lider istudyante.

Ang Alyansa ng Manunulat-NCR ay muling binuhay. Matagumpay na ipinaglaban ng mga pambansa

demokratikong puwersa ang pamumuno dito laban sa ibang pampulitikang puwersa noong 1979. Hindi natagalan at binuo na din ang pambansang organisasyon ng Alyansa ng Manunulat. Malaki ang kontribusyon sa kilusang protesta ng Alyansa ng Manunulat mula pa noong 1980-1981. . Ang mga pambansang lider ay katuwang ng Sentrong LPO sa pagbibigay ng representasyon sa publiko at sa mga institusyon ng estado. Higit pa, ang mga pambansang lider at marami-raming balangay nito ay mahusay na nakapaglinaw ng mga paninindigan ng KKE at daluyan ng pambansa demokratikong propaganda.

Pursigidong isinabalikat ng mga pambansa demokratikong puwersa ang patuloy na pagpapalawak at pagbubuo ng mga balangay ng Alyansa ng Manunulat sa buong bansa. Patuloy na naging daluyan ito ng propaganda. Malaki ang ginampanang papel ng Alyansa ng Manunulat sa pagsasanay at pagpapasulpot ng mga progresibo't pambansa demokratikong aktibista't manunulat sa maraming mga balangay nito, lalo na sa NCR. Malaki ang kontribusyon ng Alyansa ng Manunulat sa paglalatag ng kalagayan para sa mas masingsing pag-oorganisa at pamumuno ng mga rebolusyonaryong puwersa sa balangay nito sa maraming paaralan.

***Halalan sa Konseho.*** May paglalagom ng karanasan sa kampanyang eleksyon sa NCR noong kalagitnaan ng 1985. Mga partikular na karanasan at aral dito ang mga sumusunod:

Una, pinakatampok na katangian ng kampanya't halalan para sa konseho ay ang pagiging natural na aktibidad nito at pag-ehersisyo ng demokratikong karapatan ng malaking bahagi ng populasyon ng estudyante. Aktibidad ng masang estudyante na sa isang antas ay may pagkilala ang mga kapitalistang edukador at maging ang lipunan.

Ikalawa, ang rebolusyonaryong aktitud dito ay ang pagtatransporma nito sa isang kampanyang masa. Ibig sabihin, napakainam na kalagayan ito para mapalawak ang impluwesya't pamumuno sa masang estudyante, masapol at maipalaganap ang tunay na mga suliranin at interes ng masang estudyante habang mahigpit itong iniuugnay sa pambansa-demokratikong pagsusuri at linya..

Ikatlo, sa rebolusyonaryong layuning ipagwagi ang eleksyon, mahalaga ang wastong pampulitikang linya't islogan, malapad na alyansa, at aktibong makinarya. Ikinokombina ito sa mga pili at mahuhusay na kandidato, sa pang-araw-araw na pagsusuri sa itinatakbo ng kampanya at sa partikular na plano para sa araw mismo ng eleksyon.

At ikaapat, nilinaw ang pampulitikang oryentasyon ng konseho ng mag-aaral. Isa itong epektibong sandata ng masang estudyante para sa pagtataguyod ng kanilang demokratiko't pangkagalingang interes. Behikulo ito para sa pakikiisa at pagtataguyod ng masang estudyante sa interes ng malawak na mamamayang Pilipino. Ang mga konseho ay sanayan at pinagmumulan ng mahuhusay na lider estudyante, para sa lokal na kilusang masa, pati na sa pambansang sektoral na organisasyon.

***Papel ng KM.*** Ang KM ang lihim na pambansa demokratikong organisasyong masa sa sektoral na kilusan. Ito ay bahagi ng kilusang lihim ng hayag na kilusang masa, na kung saan Partido ang bag-as. Natukoy na at dapat iwasto ang kanang oportunismong likidasyonismo ng KM. Ilan pang punto sa pagsasaayos ng organisasyon ang sumusunod:

a. direktang inoorganisa at pinamumunuan ng Partido ang KM.. Tinitiyak ng Partido ang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong pagpapalakas sa KM.

b. may sariling panuntunan sa organisasyon ang KM bilang isang organisasyong masa habang mahigpit na pinamumunuan ng Partido.

k. papalapad (o horisontal ) ang diin ng pagtatayo ng istruktura nito, na ang ibig sabihi'y pagpapalawak ng kasapian na umaabot at nag-oorganisa sa papalawak na papalawak na masang kabataan.

d. daluyan para sa pagpapaunlad at pagsasanay ng mga maaaring maging kasapi ng Partido.

e. itinatayo sa loob ng mga organisasyong masa, alyansa, institusyon saklaw ng pagkilos sa kabataan-estudyante.

***Solidong pag-oorganisa.*** Sa pag-aayos ng pamamaraan para sa solidong pag-oorganisa, mahalagang mapag-aralan at masapol ang mga nilinaw na pamamaraan ng GE-KPE sa OUT.

**Ang KM ang lihim na pambansa demokratikong organisasyong masa sa sektoral na kilusan. Ito ay bahagi ng kilusang lihim ng hayag na kilusang masa, na kung saan Partido ang**